Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 28, 2006, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Bryan R. Lateo ........ | Kagawad |
| Kgg. Narciso A. Cayos ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ........ | Kagawad – Pangulo / Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO

| | |
|---|---|
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. ........ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 122-T'06

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLILIPAT NG HALAGANG ANIMNAPUNG LIBONG PISO (P60,000.00) MULA SA PONDO NG ADVERTISING EXPENSE AT HALAGANG (P62,158.00) MULA SA PONDO NG REPRESENTATION EXPENSE BILANG KAPUPUNAN SA TRAINING EXPENSE (P1,296.00) AT TRAVELING EXPENSE (P76,546.00) LAHAT AY NASA PONDO SA MENTINANSYA AT IBA PANG GUGULIN (MOOE) NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN UPANG MAGAMIT NG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN PARA SA ISASAGAWANG HASIK-PANDAYAN AT LAKBAY-ARAL HINGGIL SA PAGSASABATAS AT PAMAMAHALA NG BASURA NA ITINAKDA SA HONGKONG SA SETYEMBRE 15, 16 AT 17 NG TAONG ITO.

SAPAGKA'T, kinakailangang makapaglipat ng halagang P60,000.00 mula sa pondo ng Advertising Expense at halagang P62,158.00 mula sa pondo ng Representation Expense upang magsilbing kapupunan sa pondo ng Training Expense (P1,296.00) at Traveling Expense (P76,546.00), lahat ay nasa pondo ng MOOE ng Tanggapan ng Sang. Bayan para sa layuning nakasaad sa itaas nito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jun M. Asinas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Virgilio T. Ciriaco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 15-T'06

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

SEKSYON 1 – Ilipat at ilaan ang halagang P60,000.00 mula sa pondo ng Advertising Expense at halagang P62,158.00 mula sa pondo ng Representation Expense bilang kapupunan sa Training Expense(P1,296.00), at Travelling Expense (P76,546.00) lahat ay nasa pondo sa Mentinansya at iba pang Gugulin (MOOE) ng Tanggapan ng Sang. Bayan upang magamit ng mga Kagawad ng Sang. Bayan para sa isasagawang hasik-pandayan at lakbay-aral hinggil sa pagsasabatas at pamamahala ng basura na itinakda sa Hongkong sa Setyembre 15, 16 at 17 ng taong ito, para sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

SEKSYON 2 – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

PINAGPASIYAHAN PA: Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. BRYAN R. LATEO
Kagawad

KGG. NARCISO A. CAYOS
Kagawad

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad

KGG. VIRGILIO T. CIRIACO
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad – Pangulo/Liga ng mga Barangay

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan